

# Mag-ingat at protektahan ang inyong sarili!

Sa lahat ng mga nagtatrabaho dito sa Japan, kayo ba ay mayroon problema sa inyong pinagtatrabahuhan?

Maaring sa ngayon ay wala pero hindi natin alam kung kailan kayo maaring maaksidente sa lugar ng inyong pinagtatrabahuhan, ma-ospital dahil sa sakit, hindi makakatanggap ng sweldo sa tamang oras, o maaring matanggal sa trabaho na walang pasabi.

Ano ang iyong gagawin kapag sinabihan ka na umuwi o bumalik sa iyong bansang pinaggalingan?
Mas mahalaga na ikaw ay palaging handa.
Naririto ang ilang mahalagang impormasyon.

Pangalagaan ang inyong karapatan!

## Huwag itapon ang inyong kontrata sa trabaho at pay slip.



Ikaw ba ay nakatanggap ng kontrata sa trabaho mula sa iyong kompanya? Ang kontrata ay isang importanteng dokumento sa pagitan mo at ng kompanyang iyong pinapasukan. Dito rin nakalahad kung anong uring trabaho mayroon ka, kung ilang oras ka magtatrabaho at kung magkano ang iyong suweldo.

Ang kontratang ito ay iyong kakailanganin kapag nagkaroon ng hindi pagkaka-unawaan sa pagitan mo at ng kompanya. Kaya siguraduhing ito'y itabi.
Kapag ikaw ay hindi binigyan ng kopya, siguraduhing naintindihan ang nilalaman nito at gawan ng paraan na makakuha ng kopya sa pamamagitan ng pagkuha ng litrato.

Ang "pay slip" ay isang importanteng dokumento. Ito ay isang maliit na papel na nakasulat kung ilang oras ka nagtrabaho, nag-overtime, magkano ang buong halaga ng iyong kinita at kung magkano ang binabawas na upa sa iyong tinitirahan at insurance.
Siguraduring ito ay itabi at huwag itapon.



Sa oras na ikaw ay hindi nakatanggap ng suweldo, natanggal sa trabaho, nasugatan o na-ospital, ito ay magiging ebidensiya upang makakuha ng karapat-dapat na sahod o kompensasyon, kaya ito'y itago ng maayos.

## Sa oras na may panganib maipapaliwanag mo ba ng maayos ang kompanyang inyong pinapasukan?

Mahalaga na malaman mo ang mga nararapat na impormasyon ukol sa inyong kompanya.



Kapag ikaw ay naaksidente sa lugar na iyong pinagtatrabahuhan at kinakailangan mong magpahinga o ikaw ay hindi nakatanggap ng suweldo at nais i-konsulta ang iyong kaso sa isang eksperto, sigurado na ang mga impormasyong ito ay itatanong sa iyo. Anong pangalan ng kompanya, address, numero ng telepono? Sino ang may-ari o namamahala ng kompanya?

Ito ang mga kakailanganin impormasyon na makakalutas ng inyong suliranin.
Tiyaking alamin ang pangalan ng kompanya, address, telepono, pangalan ng may-ari ng kompanya at ng iyong superbisor.




Para sa mga hindi nakakabasa ng Nihongo, kunan ng litrato ang pangalan at address ng kompanya, tirahan ng may-ari ng kompanya o plate number ng kanyang sasakyan.

Sa pamamagitan ng mga impormasyong ito, maaaring matunton ang taong kinakailangan managot sa responsibilad ng kompanya.
Sikaping makakuha ng sapat na impormasyon ng kompanya para mapangalagaan ang inyong sarili.


## Itala ang oras ng inyong ipinagtrabaho upang makatanggap ng naaayon na sahod.

Sa sinumang nagtatrabaho na ang sahod ay binabase sa bawat oras, siya ay babayaran ayon sa oras na kanyang pinagtatrabahuhan.

Tama ba ang pag-kalkula ng oras ng pinagtrabaho ninyo?
May mga pagkakataon na nagkakaroon ng pandaraya o maling pagkalkula. Kaya kailangan malaman mo kung ilang oras ka nagtrabaho at gumawa ng sariling kalkulasyon.

Dapat malaman mo kung anong oras ka nag-uumpisa at natatapos magtrabaho.

Bagaman, ang kompanya ay may time card system, may mga pagkakataon na ito ay nagkakamali kaya mas makabubuti kung ito ay iyong kunan ng litrato.




Ang pangaraw- araw na pagtala ay magiging malaking tulong.

Sikaping isulat kung anong oras ka pumasok at lumabas ng kompanya at kung ilang oras ka nagtrabaho sa araw ng pamamahinga, maari mo rin gawin ito sa pamamagitan ng paggamit ng smart phone application o sa paggamit ng camera.

Ito ay maari mong magamit para makiusap sa kompanya na bayaran ang katumbas ng iyong overtime at karagdagang sahod sa araw ng pamamahinga, kaya makabubuti na ipagpatuloy ang pagtala ng pinagtrabahuhan.

## Ano ang iyong gagawin kapag nasugatan habang nagtatrabaho at walang pera para magpagamot sa ospital?



Dito sa Japan ay mayroong insurance system na tinatawag na worker's accident compensation na magbabayad sa isang manggagawa kapag naaksidente o nasugatan habang nagtatrabaho.
Kalakip dito ang bayad sa pagpapagamot at sweldo habang sya ay hindi makapagtrabaho.

Subalit may ibang kompanya na maaring ipagkaila na walang aksidenteng naganap.
Kaya, kapag ikaw ay naaksidente sa trabaho ay ipaalam kaagad sa iyong mga kasamahan.
Mahalaga rin na magsabi ng "ARAY". Kaagad sabihin sa kinauukulan na ikaw ay dalhin sa ospital.
Kung hindi ka madala sa ospital, kaagad kang pumunta at sabihin sa doctor na ikaw ay nasugatan habang nagtatrabaho. Ang doctor's certificate ay isang importanteng dokumento para makakuha ng worker's compensation. Tandaan kung saan lugar, oras at kung sino ang mga tao na nasa kapaligiran mo ng ito ay nangyari. Makabubuti rin kung mayroon kang litrato ng makina at ng eksaktong lokasyon kung saan ito naganap.

Kapag ikaw ay may sakit o nagkasakit dahil sa trabaho maaari ka rin makatanggap ng kabayaran kahit na hindi ka nagkasugat. Kaya, kung ikaw ay may nararamdaman, magpunta kaagad sa ospital.



Ganon din kapag ikaw ay nasugatan habang bumibyahe papunta sa trabaho; makakatanggap ka ng bayad kung iyong matutugunan ang mga sapat na kondisyon. Kapag nangyari ito,kinakailangan mong magpunta kaagad ng ospital at ipaalam sa kompanyang iyong pinagtatrabahuhan.

## Kapag ako ay hindi nakapagtrabaho dahil nagkasakit na walang kinalaman sa trabaho, paano ang aking kabuhayan?



Huwag mawalan ng pag-asa, kapag ikaw ay hindi nakapagtrabaho dahil nagkasakit na walang kinalaman sa trabaho at walang kikitain.

Kung ikaw ay miyembro ng health insurance system (maliban sa national health insurance) makakatanggap ng benepisyo mula sa injury and treatment allowance system habang ikaw ay nagpapagaling.
Pagkatapos kang suriin ng doctor, sinabihan na hindi ka pa pwedeng magtrabaho at kailangan pang magpahinga ng 4 na magkasunod na araw, makakatanggap ka ng 60% na halaga ng iyong regular na sahod.

Kung sakaling ikaw ay nagkasakit, at hikayatin ng iyong kompanya na mas makakabuting umuwi sa iyong bansa, huwag kalimutan na ikaw ay makakatanggap ng bayad mula sa " injury and allowance system."

Sa mga taong nagkaroon ng tuberculosis (TB) o HIV, may sistema dito na maaaring makatanggap ng malaking porsyento sa iyong gastos sa pagpapagamot na sasagutin mula sa pondo ng gobyerno.
Huwag mawalan ng pag-asa. Komonsulta sa kinauukulang ahensya o organisasyon at maghanap ng posibilidad na makapagpatuloy magtrabaho dito Japan.

## Paano kung ikaw ay biglang sabihan na tanggal ka na sa trabaho?

Ano ang gagawin mo kapag sinabihan kang huwag ng pumasok kinabukasan dahil ikaw ay tinanggal na sa trabaho?
Maari sa sandaling iyan ay hindi ka makapag isip ng maayos pero ang iyong unang hakbang ay napaka halaga.





Huwag mong isipin na wala ka ng magagawa dahil napagsabihan ka ng superbisor mo na ikaw ay tinanggal na sa trabaho. Huwag mo rin sabihin na "wakarimashita", dahil ito'y nangangahulugan na iyong tinatanggap ang pagtanggal sa iyo.
Kung may anumang dokumentong ilalahad sa iyo, huwag kang pumirma dahil ito'y nangangahulugan na ikaw ay sumasang-ayon sa pagtanggal sa iyo.

Ayon sa batas ng Hapon, ang may ari ng kompanya ay hindi basta-basta makatanggal ng isang manggagawa.
Ang kompanya ay hindi pwedeng magtanggal ng isang empleyado maliban sa kung ito ay may isang sapat na dahilan. Kahit na ang isang manggagawa ay nagkaroon ng pagkukulang o pagkakamali ito ay hindi rin sapat na dahilan para sya ay tanggalin.

Ito ay angkop din sa kaso ng mga technical intern trainees kapag sinabihan na bumalik na sa sariling bansa.
Kahit na ikaw ay huminto sa pagtatrabaho, maari ka pa rin makahingi ng suportang pinansyal.

Huwag mawalan ng pag-asa at huwag isipin na ikaw ay wala ng magagawa.
(Puwede mong sabihin na gusto mong magpatuloy magtrabaho sa kanila dahil marami kang mga responsibilidad sa buhay, gaya ng pagbigay suporta sa pamilya, pagbayad sa mga bayarin,etc. Sabihin mo rin sa kanila na ayaw mong ihinto ang iyong kontrata sa kompanya.)
Kapag sinabi nila na ikaw ay tatanggalin sa trabaho, kinakailangan na ipasulat mo ang mga dahilan. Maari rin gamitin ang smart phone para ma-rekord ang pag-uusap at iba pang pamamaraan.

Maari ka rin komunsulta sa Labor Unions, NGO's, abogado at Labor Standard Office sa maagang panahon para mapatigil ang pagtanggal sa yo.

このリーフレットは(公益信託)アジア・コミュニティ・トラスト2018年度「アジア民衆パートナーシップ支援基金」の助成を受けて制作しました。
外国人支援ネットワークKAMEIDO　〒136-0071東京都江東区亀戸7-10-1Zビル5F(特非)東京労働安全衛生センター気付
web:http://kamedegogo.lacoocan.jp/